

# ***Mga tulâ mula sa Bagong Bayan***

## ***Mga talâ mula sa Bagong Bayan***

J. G. Dimaranan

### ***1. Mga Lawa ng San Pablo***

---

Naglaláwa na ang sála tuwing umuulan pagkat ang kisame’y binukbok na ng anay. Sa nakausling kahoy sa may bintana walang humpay na tumatagas ang tubig, nagmarka sa dingding ang mga natuyong putik na tila napakahahabang mga uod, waring sinasabing ang lahat ay gawa sa lupa at dito rin sila nakatira.

Gaano karaming bahay pa kaya sa barangay ang may mga sirang kisame at naukók na pundasyong dapat sana’y panangga sa lupit ng ulan? O tahanan, habong na naghihiwalay sa atin at sa mapagkumbabang mga uod? Ito yata ang mga láwang hindi maipagmamalaki ng syudad na ito.

## ***1. Mga Lawa ng San Pablo***

---

Nagláláwa na **ang** sála tuwing umuulan pagkat ang kisame’y binukbok na ng **anay**. Sa nakausling kahoy sa may bintana walang humpay na tumatagas ang tubig, nagmarka sa dingding ang mga natuyong putik na **tila** napakahahabang mga uod, waring **sinasabing** ang lahat ay gawa sa lupa at dito rin sila nakatira.

Gaano karaming bahay pa kaya sa barangay ang may mga sirang kisame at **naukók na** pundasyong dapat sana’y panangga sa lupit ng ulan? O tahanan, habong na naghihiwalay sa atin at sa mapagkumbabang mga uod? Ito yata ang mga lawang hindi maipagmamalaki ng syudad na ito.

## ***2. Sa Bagong Bayan: Kusina***

---

Isa sa mga huling alaala ko sa bahay na ito ay habang kulob ito sa singaw at amoy ng sinigang sa bayabas. Namumulang sabaw, malalaking gayat ng bangus, malutong at matamis na mga gulay, at si Inay, na pinapipitas ako ng sili sa bakuran at pinaghahain para sa tanghalian.

Nitong huling bisita ko, wala na ang sinigang. Wala nang isda at gulay at halos walang pagkain sa hapag. Kahit ang mga plato'y nabasag at naubos na. Ilang taon na ring wala si Inay na apuradong nagluluto para sa aming mga apo niya.

### **3. Sa Bagong Bayan: Bakuran**

Palaisipan sa kaniya noon kung ang mga butas sa sambong ay kinakain ng mga maliliit na uod. Oras-oras niyang binibisita ang tanim at minamatyagan kung ito nga ay totoo. Hanggang nakita niyang kahugis ng bala ng pellet gun ko ang mga butas. Nagalit siya sa akin dahil pinapatay ko raw siya at hindi lamang ang mga halaman.

Noong tunay na nga siyang pumanaw, pumanaw rin ang mga sambong at rosal. Nalagas ang mga kamia at natuyo ang oregano. Hindi na bumunga ang kalamansi maging ang kaimito at sili. Nabura ang mga kulay sa bungad ng bahay at tumabang rin ang aming pagkain.

Dahil hindi marunong magkulay (pagkat namatay na ang kagustuhang maging pintor pag-apaksa kolehiyo), ipinasemento ni nanay ang buong bakuran upang doon na lamang iparada ang motor ni kuya at ang luma naming kotse. Simula noon lahat kami'y lagi nang naglalakbay. Mula sa sentro ng pamumulak ay lumiban tungong paglisan. Lumipat na si nanay malapit sa may bátis, namundok na rin ako upang doon mag-aral. Wala nang nakapirmi sa bahay, at tila butás na rin ang loob nito.

### 3. Sa Bagong Bayan: Bakuran

---

Palaisipan sa kaniya noon kung ang mga butas sa sambong ay kinakain ng mga maliliit na uod. Oras-oras niyang binibisita ang tanim at minamatyagan kung ito nga ay totoo. Hanggang nakita niyang kahugis ng bala ng pellet gun ko ang mga butas. Nagalit siya sa akin dahil pinapatay ko raw siya at hindi lamang ang mga halaman.

Noong tunay na nga siyang pumanaw, pumanaw rin ang mga sambong at rosal. Nalagas ang mga kamia at natuyo ang oregano. Hindi na bumunga ang kalamansi maging ang kaimito at sili. Nabura ang mga kulay sa bungad ng bahay at tumabang rin ana yang pagkain.

Dahil hindi marunong magkulay (pagkat namatay na ang kagustuhang maging pintor pag-apaksa kolehiyo), ipinasemento ni nanay ang buong bakuran upang doon na lamang iparada ang motor ni kuya at ang luma naming kotse. Simula noon lahat kami'y lagi nang naglalakbay. Mula sa sentro ng pamumulak ay lumiban tungong paglisan. Lumipat na si nanay malapit sa may bátis, namundok na rin ako upang doon mag-aral. Wala nang nakapirmi sa bahay, at tila butás na rin ang loob nito.

## ***4. Sa Bagong Bayan: Kuwarta***

---

Isa sa mga huling ilusyon ni Inay sa kama kung saan siya tumigil huminga habang nakatirik ang mga mata sa kisame ay ang bulto raw na pagdating ng mga langgam sa dingding. Pinatatapon niyang lahat ng asukal at matatamis sa basurahan pagkat kakagatin daw siya ng mga insekto. Kahit ang cocoa't oatmeal na niluto ko ay ayaw niyang kainin dahil alam niyang ito ang habol ng mga guyam.

Siguro ay ganoon din niya ako pakainin noong bata pa, kailangang habulin at pilitin bago ubusin ang pagkain. Marahil ay parehas lamang ang hirap namin sa isa't isa.

## 5. *City progress*

---

Habang sa maraming antas ng pagpapakahulugan ay nawalan ng búhay ang aming bahay, siya namang sumigla ang mga kalapit bahay sa pag-inog ng panahon. Sina Manong Steve ay may tatlo nang kotseng hindi magkasya sa paradahan nila. Iyong dalawa sa mga dati kong kalaro, may mga asawa na't kani-kanilang pamilya. Mas hitik nang mamunga ang mga púno ng makopa nina Kuya Boy, sementado na't nadagdagan na rin ng dalawang palapag ang noo'y payak nilang kubo. Si Na Ising, mula sa dos ngayo'y kuwatro na ang benta sa yelo.

Ganito rin sa labas ng barangay. Sa plasa, nagsara na ang La Suerte kung saan ako noon bumibili ng libro, napalitan na ito ng KFC na may malaking paradahan sa harapan. Sa Ultimart mayroon nang retail ng Havaianas na may nakasulat sa harap na "travel light!" habang ang PNR trains ay pinagagana pa rin ng kalawang. Pito na rin ang Jollibee sa sentrong bayan habang ang simbahan ay di man lang mapinturahan.

## 5. City progress

---

Habang sa maraming antas ng pagpapakahulugan ay nawalan ng búhay ang aming bahay, siya namang sumigla ang mga kalapit bahay sa pag-inog ng panahon. Sina Manong Steve ay may tatlo nang kotseng hindi magkasya sa paradahan nila. Iyong dalawa sa mga dati kong kalaro, may mga asawa na't kani-kanilang pamilya. Mas hitik nang mamunga ang mga púno ng makopa nina Kuya Boy, sementado na't nadagdagan na rin ng dalawang palapag ang noo'y payak nilang kubo. Si Na Ising, mula sa dos ngayo'y kuwatro na ang benta sa yelo.

Ganito rin sa labas ng barangay. Sa plasa, nagsara na ang La Suerte kung saan ako noon bumibili ng libro, napalitan na ito ng KFC na may malaking paradahan sa harapan. Sa Ultimart mayroon nang retail ng Havaianas na may nakasulat sa harap na "travel light!" habang ang PNR trains ay pinagagana pa rin ng kalawang. Pito na rin ang Jollibee sa sentrong bayan habang ang simbahan ay di man lang mapinturahan.